May Bisa Enero 1, 2023 – Disyembre 31, 2023

2023 Buod ng mga Benepisyo

Blue Shield TotalDual Plan (HMO D-SNP)

Plano ng Inireresetang Gamot ng Medicare Advantage

Mga County ng Los Angeles at San Diego

blue california

blueshieldca.com/medicare

H5928_22_395A_005_M_TA Accepted 09252022

Blue Shield TotalDual Plan (HMO D-SNP) | 2023 Buod ng mga Benepisyo

H5928_22_395A_005_M_TA Accepted 09252022

Panimula

Ang dokumentong ito ay maikling buod ng mga benepisyo at serbisyong saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Kasama rito ang mga sagot sa mga madalas na itanong, mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, pangkalahatang ideya ng mga benepisyo at serbisyong iniaalok, at impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan. Makikita ang mga mahahalagang termino at ang kanilang mga kahulugan sa pagkakasunud-sunod ayon sa alpabeto sa huling kabanata ng *Katibayan ng Saklaw.*

Talaan ng mga Nilalaman

A. Mga Pagtatatuwa 3

B. Mga Madalas Itanong (FAQ) 7

C. Listahan ng mga saklaw na serbisyo 12

D. Mga benepisyong saklaw sa labas ng Blue Shield TotalDual Plan 35

E. Mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, Medicare, at Medi-Cal 40

F. Mga karapatan mo bilang isang miyembro ng plano 41

G. Paano magsampa ng reklamo o mag-apela sa tinanggihang serbisyo 43

H. Anong dapat gawin kung naghihinala ka ng panloloko 44

A. Mga Pagtatatuwa

Ito ay buod ng mga serbisyong pangkalusugan na saklaw ng Blue Shield TotalDual Plan para sa 2023. Buod lang ito. Pakibasa ang *Katibayan ng Saklaw* para sa kumpletong listahan ng mga benepisyo. Hindi inililista ng impormasyon ng benepisyong ibinigay ang bawat serbisyo na sinasaklaw namin o inililista ang bawat limitasyon o pagbubukod. Upang kumuha ng kumpletong listahan ng mga serbisyong sinasaklaw namin, mangyaring sumangguni sa *Katibayan ng Saklaw* (EOC) sa blueshieldca.com/MAPDdocuments2022 o sa pagtawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY:711), 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw kada linggo. Tandaan: Makikita ang EOC sa aming website pagsapit ng Oktubre 15, 2022.

- Ang Blue Shield of California ay isang HMO at isang plano na HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare. Mayroon ding nasusulat na kasunduan ang plano sa programang California Medi-Cal (Medicaid) upang ikoordina ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal (Medicaid).
- Kasama sa **Blue Shield TotalDual Plan** ang Part D na saklaw, na nagbibigay ng pagsaklaw sa inireresetang gamot, na nag-aalok sa iyo ng kaginhawahan na ipasaklaw ang pareho mong medikal at inireresetang gamot sa pamamagitan ng isang plano.
- Upang sumali sa **Blue Shield TotalDual Plan**, dapat mayroon ka ng parehong Part A at Part B ng Medicare, maging kuwalipikado para sa Medi-Cal (Medicaid), at nakatira sa aming lugar na pinagseserbisyuhan. **Kabilang sa aming lugar na pinagseserbisyuhan ang mga County ng Los Angeles at San Diego.**
- Makikita ang Direktoryo ng Provider ng aming plan sa aming website sa **blueshieldca.com/find-a-doctor.**
- Makikita ang Direktoryo ng Parmasya ng aming plan sa aming website sa **blueshieldca.com/medpharmacy2023**.
- Upang kumuha ng pinakakumpleto at kasalukuyang impormasyon tungkol sa kung aling mga gamot ang saklaw, maaari mong bisitahin ang aming website sa **blueshieldca.com/medformulary2023**.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Medicare**, maaari mong basahin ang handbook na *Ikaw at ang Medicare*. May buod ito ng mga benepisyo, karapatan at proteksyon ng Medicare at mga sagot sa mga pinakamadalas itanong tungkol sa Medicare. Makukuha mo ito sa website ng Medicare (www.medicare.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **Medi-Cal**, maaari mong tingnan ang website ng California Department of Healthcare Services (DHCS) (www.dhcs.ca.gov) o makipag-ugnayan sa Opisina ng Ombudsman ng Medi-Cal sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m.

Maaari ka ring tumawag sa espesyal na Ombudsman para sa mga taong may parehong Medicare at Medi-Cal, sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m.

- Libre mong makukuha ang dokumentong ito sa ibang format, tulad ng malalaking letra, braille, o audio. Tumawag sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag.
- Sumusunod ang kompanya sa mga umiiral na batas ng estado at mga batas sa karapatang sibil ng pederal at hindi gumagawa ng diskriminasyon, nagtatangi sa mga tao, o tinatrato sila nang kakaiba batay sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, medikal na kondisyon, impormasyon ng henetiko, lipi, relihiyon, sekso, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, edad, kapansanan sa pag-iisip, o kapansanan sa katawan. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適用的州法律和聯邦民權法律，並且不會以種族、膚色、原國籍、族群認同、醫療狀況、遺傳資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人。
- Kapag sinasabi ng dokumentong ito ang “kami,” “namin,” o “amin,” nangangahulugan ito na California Physicians’ Service (dba Blue Shield of California). Kapag sinabi nitong “plano” o “aming plan,” nangangahulugan ito na Blue Shield TotalDual Plan.
  - Attention: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. to 8:00 p.m., seven days a week. The call is free.
  - Español (Spanish): ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711) de 8:00 a.m. a 8:00 p.m., los 7 días de la semana.
  - 繁體中文 (Chinese): 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711) 每週七天辦公，早上 8:00 點至晚上 8:00 點或。
  - Tiếng Việt (Vietnamese): CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711) 8 giờ sáng–8 giờ tối, 7 ngày trong tuần. HOẶC Ban.

- Tagalog (Tagalog – Filipino): PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711)

- 한국어 (Korean): 주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY: 711)번으로 전화해 주십시오,오후 8 시, 7 일 주일 오전 8 시.

- Հայերեն (Armenian): ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Զանգահարեք Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY (հեռատիպ)՝ 711)

- فارسی (Persian/Farsi for Blue Shield TotalDual Plan Members):

- توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می‌کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می‌باشد. با 1-800-452-4413 (TTY: 711) تماس بگیرید.

- Русский (Russian): ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (телетайп: 711).

- 日本語 (Japanese): 注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) まで、お電話にてご連絡ください。

- العربية (Arabic):

- ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. برقم اتصل (رقم هاتف الصم والبكم: 711) 1-800-452-4413 Blue Shield TotalDual Plan (رقم هاتف الصم والبكم: 711)

- ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi): ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

- ខ្មែរ (Cambodian/Khmer): ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតឈ្នួល គឺអាចមានសំរាប់បំរើអ្នក។ ចូរទូរស័ព្ទ Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711)។

- Hmoob (Hmong): LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711).

- हिंदी (Hindi): ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711) पर कॉल करें।
- ภาษาไทย (Thai): เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711).
- اُردُو (Urdu) : خبردار: اگر آپ اردو بولتے ہیں، تو آپ کو زبان کی مدد کی مفت خدمات میں دستیاب ہیں ۔ کال کریں Blue Shield TotalDual Plan 1-800-452-4413 (TTY:711).
- Makukuha mo nang libre ang dokumentong ito sa ibang format, gaya ng malalaking letra, braille o audio. Tumawag sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag.
- Maaari kang humiling na makakuha ng dokumentong ito sa wikang hindi Ingles o sa isang alternatibong format ngayon at sa hinaharap. Upang humiling, mangyaring makipag-ugnayan sa Customer Care ng Blue Shield TotalDual Plan. Itatabi sa file ang iyong mas gustong wika at format para sa mga komunikasyon sa hinaharap. Upang gumawa ng anumang pagbabago sa iyong mga kagustuhan, mangyaring makipag-ugnayan sa Customer Care ng Blue Shield TotalDual Plan.

B. Mga Madalas Itanong (FAQ)

Inililista ng sumusunod na talahanayan ang mga madalas itanong.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang Medicare-Medi-Cal Plan?	Ang Medicare Medi-Cal Plan ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpatala. Ang MedicareMedi-Cal Plan ay isang organisasyon na binubuo ng mga doktor, ospital, parmasya, provider ng Pangmatagalang mga Serbisyo at Suporta (LTSS), at iba pang provider. Mayroon din itong mga care coordinator para matulungan kang pamahalaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo at suporta. Magkakasama silang nagtutulungan para magbigay ng pangangalagang kailangan mo.
Makukuha ko ba ang mga benepisyo ng parehong Medicare at Medi-Cal sa Blue Shield TotalDual Plan na nakukuha ko ngayon?	Makukuha mo ang karamihan ng iyong mga saklaw na benepisyo ng Medicare at Medi-Cal nang direkta mula sa Blue Shield TotalDual Plan. Makikipagtulungan ka sa isang team ng mga provider na tutulong na tukuyin kung anu-anong serbisyo ang pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan mo. Nangangahulugan ito na maaaring magbago ang ilan sa mga serbisyong nakukuha mo ngayon batay sa iyong mga pangangailangan, at sa pagsusuri ng iyong doktor at pangkat ng pangangalaga. Maaari ka ring kumuha ng iba pang benepisyo sa labas ng iyong planong pangkalusugan sa parehong paraan na ginagawa mo ngayon, direkta mula sa isang Estado o ahensya ng county tulad ng Mga Serbisyong Pansuporta sa Tahanan (IHSS), mga serbisyo ng espesyalidad para sa kalusugan ng isipan at mga serbisyo para sa karamdaman dulot ng paggamit ng substansya, o mga serbisyo ng sentrong panrehiyon. Kapag nagpatala ka sa Blue Shield TotalDual Plan, ikaw at ang iyong pangkat ng pangangalaga ay magtutulungan upang bumuo ng isang Indibidwal na Plano ng Pangangalaga upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, na ipinapakita ang iyong mga personal na kagustuhan at layunin. Kung umiinom ka ng anumang resetang gamot ng Medicare Part D na hindi karaniwang sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, makakakuha ka ng pansamantalang supply at tutulungan ka namin na lumipat sa ibang gamot o makakuha ng isang pagbubukod upang saklawin ng Blue Shield TotalDual Plan ang iyong gamot kung kinakailangan dala ng medikal na dahilan. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Maaari ba akong magpatingin sa mga doktor kung saan ako nagpapatingin ngayon?	Ganyan ang nangyayari kadalasan. Kung nagtatrabaho ang iyong mga provider (kasama ang mga doktor, ospital, therapist, parmasya, at iba pang provider ng pangangalaga ng kalusugan) sa Blue Shield TotalDual Plan at may kontrata saamin, patuloy kang makapupunta sa kanila. • Ang mga provider na may kasunduan sa amin ay "nasa network." Nakikilahok ang mga providern na nasa network sa aming plan. Ibig sabihin nito na tumatanggap sila ng mga miyembro ng aming plan at nagbibigay ng mga serbisyo na sinasaklaw ng aming plan. **Dapat mong gamitin ang mga provider sa network ng Blue Shield TotalDual Plan.** Kung gumagamit ka ng mga provider o parmasya na wala sa aming network, maaaring hindi bayaran ng plano ang mga serbisyo o gamot na ito. • Kung kailangan mo ng agaran o pang-emergency napangangalaga o mga serbisyong dialysis sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan, magagamit mo ang mga provider na nasa labas ng plano ng Blue Shield TotalDual Plan. • Kung kasalukuyan kang sumasailalim sa paggamot sa isang provider na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan, o may matatag na relasyon sa isang provider na nasa labas ng network ng Blue Shield TotalDual Plan, tumawag sa Customer Care upang malaman ang tungkol sa pananatiling konektado. Kung nagkaroon ka ng isang pagbisitang hindi emergency sa isang pangunahin o espesyalitang provider ng pangangalaga nang isang beses sa nakalipas na 12 buwan bago ang iyong pagpapatala sa aming plan, ikaw at iyong provider ay maaaring humiling ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga. Kung handa ang iyong provider na tanggapin ang halaga ng bayad ng aming plan at walang anumang nakadokumentong isyu sa kalidad na pumipigil sa amin na magbayad sa kanila, maaari kang magpatuloy na tumanggap ng pangangalaga mula dito sa provider ng pangunahin o espesyalidad na pangangalaga para sa karagdagang 12 buwan pagkatapos magpatala sa aming plan. Ikaw, ang iyong provider, o ang iyong awtorisadong kinatawan ay maaaring humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga upang ipagpatuloy ang paggamot, tumawag sa Customer Care upang malaman pa at simulan ang iyong kahilingan. Upang malaman kung nasa network ng plano ang iyong mga doktor, tumawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo o basahin ang *Direktory ng Provider* ng Blue Shield TotalDual Plan sa website ng plano sa blueshieldca.com/medicare. Kung bago ka sa Blue Shield TotalDual Plan, makikipagtulungan kami sa iyo upang bumuo ng Indibidwal na Plano ng Pangangalaga para matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang care coordinator ng Blue Shield TotalDual Plan?	Ang care coordinator ng Blue Shield TotalDual Plan ay ang pangunahing tauhan na dapat mong kontakin. Tumutulong ang taong ito na pamahalaan ang lahat ng iyong provider at serbisyo at tinitiyak niya na nakukuha mo ang kailangan mo.
Ano ang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS)?	Mga tulong ang mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta para sa mga taong kailangan ng tulong upang gawin ang mga pang-araw-araw na gawain gaya ng paliligo, paggamit ng palikuran, pagbibihis, pagluluto, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay ibinibigay sa iyong tahanan o sa iyong komunidad ngunit maaaring ibigay sa isang nursing home o ospital. Sa ilang kaso, maaaring pangasiwaan ng isang county o ibang ahensya ang mga serbisyong ito, at makikipagtulungan ang iyong coordinator ng pangangalaga o pangkat ng pangangalaga sa ahensyang iyon.
Ano ang Programa ng Maraming Gamit na Serbisyo para sa Nasa Hustong Gulang (Multipurpose Senior Services Program, MSSP)?	Nagbibigay ng nagpapatuloy na koordinasyon ng pangangalaga ang isang MSSP sa mga provider ng pangangalaga ng kalusugan na lampas sa kung ano ang ibinibigay na ng iyong planong pangkalusugan, at maaari kang ikonekta sa iba pang kinakailangang serbisyong pangkomunidad at mapagkukunan. Tinutulungan ka ng programang ito na kumuha ng mga serbisyo na tumutulong sa iyo na mamuhay nang mag-isa sa iyong tahanan.
Ano ang mangyayari kung kailangan ko ng serbisyo ngunit walang sinuman sanetwork ng Blue Shield TotalDual Plan ang makapagbibigay nito?	Ibibigay ng aming mga network provider ang halos lahat ng serbisyo. Kung kailangan mo ng serbisyo na hindi maibibigay sa loob ng aming network, babayaran ng Blue Shield TotalDual Plan ang gastos sa provider na wala sa network.
Saan available ang Blue Shield TotalDual Plan?	Kasama sa lugar na pinagseserbisyuhan para sa planong ito ang: Mga County ng Los Angeles at San Diego , California. Dapat na nakatira ka sa isa sa mga lugar na ito para sumali sa plan.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Ano ang paunang pahintulot?	Nangangahulugan ang paunang pahintulot na isang pag-apruba mula sa Blue Shield TotalDual Plan upang humanap ng mga serbisyong nasa labas ng aming network o upang kumuha ng mga serbisyong hindi nakagawiang saklaw ng aming network **bago** mo kuhanin ang mga serbisyo. Maaaring hindi saklawin ng Blue Shield TotalDual Plan ang serbisyo, pamamaraan, item, o gamot kung hindi ka kumuha ng paunang pahintulot. **Kung kailangan mo ng agaran o emergency na pangangalaga o mga serbisyong dialysis na wala sa lugar na pinagseserbisyuhan, hindi mo kailangang kumuha muna ng paunang pahintulot**. Makakapagbigay sa iyo ang Blue Shield TotalDual Plan o ang iyong provider ng listahan ng mga serbisyo o pamamaraan na kailangan mong ikuha ng paunang pahintulot mula sa Blue Shield TotalDual Plan bago ibigay ang serbisyo. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailangan ang paunang pahintulot para sa mga partikular na serbisyo, pamamaraan, item, o gamot, tumawag sa Customer Care sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo para sa tulong..
Ano ang referral?	Ang referral ay nangangahulugan na ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ay dapat bigyan ka ng pag-apruba para pumunta sa isang tao na hindi iyong PCP. Iba ang referral kaysa paunang pahintulot. Kung hindi ka kumuha ng referral mula sa iyong PCP, maaaring hindi saklawin ng Blue Shield TotalDual Plan ang mga serbisyo. Maaari kang bigyan ng Blue Shield TotalDual Plan ng isang listahan ng mga serbisyong hinihingi sa iyo na kumuha ng referral mula sa iyong PCP bago ibigay ang serbisyo. Sumangguni sa *Katibayan ng Saklaw* paramalaman pa kung kailan mo kailangang kumuha ng referral mula sa iyong PCP.
Magbabayad ba ako ng buwanang halaga (tinatawag ding premium) sa ilalim ng Blue Shield TotalDual Plan?	Hindi. Dahil mayroon kang Medi-Cal, hindi ka magbabayad ng anumang buwanang premium, kasama ang iyong premium sa Part B ng Medicare, para sa iyong saklaw sa kalusugan.

Mga Madalas Itanong	Mga Sagot
Magbabayad ba ako ng ibinabawas bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan?	Hindi. Hindi ka magbabayad ng mga binabawas sa Blue Shield TotalDual Plan.
Ano ang pinakamalaking halaga mula sa sariling bulsa na aking babayaran para sa mga serbisyong medikal bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan?	Walang hatian ng gastos para sa mga serbisyong medikal sa Blue Shield TotalDual Plan, kaya magiging $0 ang iyong mga taunang gastos mula sa sariling bulsa.
Ano-anong identification card ng miyembro ang kailangan kong ipakita sa aking mga provider o pharmacist?	Dapat lagi mong dala ang Blue Shield TotalDual Plan identification card na natanggap mo mula sa amin at ang iyong Medi-Cal Beneficiary Identification (BIC) na natatanggap mo mula sa Department of Health Care Services. Gagana ang iyong Blue Shield TotalDual Plan identification card para sa lahat ng benepisyo at serbisyong saklaw ng iyong Blue Shield TotalDual Plan at ng iyong Blue Shield Promise Medi-Cal plan. May mga tiyak na serbisyo ng Medi-Cal na ibinibigay ng ibang mga mapagkukunan gaya ng Medi-Cal RX, ang Multipurpose Senior Services Program, In-Home Supportive Services, at saklaw sa ngipin ng Medi-Cal. Makikipagtulungan kami sa ibang mga mapagkukunang ito upang tumulong na ikoordina ang pag-access sa kanilang mga serbisyo, ngunit dapat lagi mong dala ang parehong identification card kung sakali.
Ano ang dapat kong gawin kung subukan akong singilin ng isang provider para sa isang saklaw na serbisyo?	HUWAG bayaran ang bayarin. Tumawag sa Customer Care ng Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo, at makikipagtalungan kami sa iyong provider, upang hindi mo kailangang magbayad ng anuman.

C. Listahan ng mga saklaw na serbisyo

Ang sumusunod na talahanayan ay isang mabilisang pangkalahatang-ideya ng mga serbisyong maaari mong kailanganin, ang iyong mga gastusin, at panuntunan tungkol sa mga benepisyo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ospital	Pananatili sa ospital	$0	Sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ang walang limit na bilang ng mga araw para sa pananatili sa ospital ng inpatient. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
	Pangangalaga ng doktor o surgeon	$0	Ibinibigay ang pangangalaga ng doktor at surgeon bilang bahagi ng iyong pananatili sa ospital.
	Pang-outpatient na mga serbisyo sa ospital, kasama ang pag-oobserba	$0	
	Mga serbisyo ng ambulatory surgical center (ASC)	$0	
Gusto mong magpatingin sa isang doktor (ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)	Mga pagbisita para gamutin ang isang pinsala o karamdaman	$0	Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital ng network. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Kailangan ang referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular nabenepisyo).

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Gusto mong magpatingin sa isang doktor (ipinagpatuloy)	Pangangalaga ng espesyalista	$0	Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital ng network. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Kailangan ang referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular nabenepisyo).
	Mga pagbisita para sa wellness, gaya ng pampisikal	$0	Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital ng network. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Kailangan ang referral para sa mga ospital at espesyalista sa network (para sa ilang partikular nabenepisyo).
	Pangangalaga para makaiwas ka sa pagkakasakit, gaya ng mga bakuna sa trangkaso at mga screening para tingnan kung may kanser	$0	Nalalapat sa lahat ng serbisyo upang makaiwas sa sakit na saklaw sa ilalim ng Original Medicare o Medi-Cal.
	“Welcome to Medicare” (pagbisita para makaiwas sa sakit isang beses lang)	$0	Sinasaklaw namin ang isang beses na “Welcome to Medicare” na pagpapatingin para sa pag-iwas sa sakit. Kasama sa pagpapatingin ang: • Isang pagsusuri ng iyong kalusugan, • Pagtuturo at pagpapayo tungkol sa mga serbisyo upang makaiwas sa sakit na iyong kailangan (kasama ang mga screening at iniksiyon), at

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Gusto mong magpatingin sa isang doktor (ipinagpatuloy)			• Mga referral para sa ibang pangangalaga kung kailangan mo ito. Tandaan: Kasama sa aming saklaw ang "Maligayang Pagdating sa Medicare" na pagpapatingin para sa pag-iwas sa karamdaman sa panahon lang ng unang 12 buwan na mayroon kang Part B ng Medicare. Kapag gumawa ka ng iyong appointment, sabihin sa opisina ng iyong doktor na gusto mong ipaiskedyul ang iyong "Maligayang Pagdating sa Medicare" na pagpapatingin para sa pag-iwas sa karamdaman.
Kailangan mo ng emergency na pangangalaga	Mga serbisyo sa emergency room	$0	Maaari kang pumunta saanmang emergency room kung makatwiran kang naniniwala na kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga. Maaari kang maka-access ng mga serbisyo sa emergency room sa labas ng network ng Blue Shield TotalDual Plan at nang walang paunang pahintulot.
	Agarang pangangalaga	$0	Ito ay **HINDI** pang-emergency na pangangalaga. Maituturing na agarang pangangalaga kapag ang isang kondisyon, karamdaman, o pinsala ay walang banta sa buhay, ngunit kinakailangan kaagad ang medikal na pangangalaga. Maaari kang maka-access sa mga serbisyong agarang pangangalaga na wala sa network ng Blue Shield TotalDual Plan at nang walang paunang pahintulot.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga medikal na pagsusuri	Mga serbison diagnostic radiology (halimbawa, mga X-ray o iba pang serbisyong imaging, gaya ng mga CAT scan o mga MRI)	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
	Mga pagsusuri sa laboratoryo at mga pamamaraang diagnostic, gaya ng pagsusuri ng dugo	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
Kailangan mo ng mga serbisyo sa pandinig/auditory	Mga screening sa pandinig	$0	Eksaminasyon para ma-diagnose at magamot ang pandinig at mga problema sa pagbalanse. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
	Mga hearing aid	$0	Babayaran ng aming plan ang hanggang $2,000 kada taon para sa mga hearing aid. Para sa magkabilang tainga ang saklaw sa hearing aid. Maaari kang pumunta sa isang provider na iyong pinili upang kumuha ng mga hearing aid at direktang magbayad sa provider
Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)	Mga pagsusuri ng ngipin at pangangalaga upang makaiwas sa sakit	$0	Nag-aalok ang Blue Shield ng mga serbisyo para sa ngipin na hindi saklaw ng programa para sa ngipin ng Medi-Cal. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang sinasaklaw ng Blue Shield at kung paano ito nakikipag-ugnayan sa Medi-Cal dental, sumangguni sa Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa ngipin (ipinagpapatuloy)			Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa ngipin ng Medi-Cal, mangyaring bumisita sa https://smilecalifornia.org
	Pagpapanumbalik at pang-emergency na pangangalaga sa ngipin	$0	Nag-aalok ang Blue Shield ng mga serbisyo para sa ngipin na hindi saklaw ng programa para sa ngipin ng Medi-Cal. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang sinasaklaw ng Blue Shield at kung paano ito nakikipag-ugnayan sa Medi-Cal dental, sumangguni sa Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa ngipin ng Medi-Cal, mangyaring bumisita sa https://smilecalifornia.org
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata (ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)	Mga eksaminasyon sa mata	$0	Isang karaniwang eksaminasyon sa mata taun-taon. Babayaran namin ang mga serbisyo ng doktor para sa outpatient para sa pag-diagnose at paggamot ng mga sakit at pinsala ng mata (kasama rito ang taunang mga eksaminasyon ng mata para sa diabetic retinopathy para sa mga taong may diabetes at paggamot para sa macular degeneration na may kaugnayan sa edad). Para sa mga taong may mataas na panganib ng glaucoma, babayaran namin ang isang screening ng glaucoma bawat taon. Kasama sa mga tao na nasa mataas na panganib ng glaucoma ang: mga tao na may kasaysayan ng glaucoma, mga taong may diabetes, mga African-American na edad 50 at mas matanda, at mga Hispanic-American na edad 65 at mas matanda.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata (ipinagpatuloy)	Mga salamin sa mata o contact lens	$0	Babayaran namin ang hanggang $300 para sa mga salamin sa mata (mga frame at lens) o mga contact lens bawat taon. Magagamit mo ang iyong allowance sa mga frame, lens, pagpapaganda ng lens, pagsusuri ng contact lens at contacts. Makakatipid ka sa anumang natitirang balanse para gamitin kinalaunan sa loob ng parehong panahon ng benepisyo. Kung pipiliin mo ang mga contact lens o salamin sa mata (mga frame o lens) na may presyong mahigit sa $300, ikaw ang magbabayad para sa labis na halaga. Babayaran namin ang isang pares ng salamin o contact lens pagkatapos ng bawat pag-oopera sa katarata kapag maglalagay ang doktor ng lens sa loob ng mata (intraocular lens). (Kung mayroon kang dalawang magkahiwalay na pag-oopera sa katarata, dapat kumuha ka ng isang pares ng mga salamin pagkatapos ng bawa't pag-oopera. Hindi ka makakakuha ng 2 pares ng salamin matapos ang ikalawang operasyon, kahit na hindi mo nakuha ang isang pares ng salamin matapos ang unang operasyon). Babayaran din namin ang mga pangwastong lens, frame at mga pamalit kung kailangan mo ang mga ito pagkatapos ng pag-aalis ng katarata nang walang lens implant.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng pangangalaga sa mata (ipinagpatuloy)	Mga salamin sa mata o contact lens	$0	Babayaran namin ang hanggang $300 para sa mga salamin sa mata (mga frame at lens) o mga contact lens bawat taon. Magagamit mo ang iyong allowance sa mga frame, lens, pagpapaganda ng lens, pagsusuri ng contact lens at contacts. Makakatipid ka sa anumang natitirang balanse para gamitin kinalaunan sa loob ng parehong panahon ng benepisyo. Kung pipiliin mo ang mga contact lens o salamin sa mata (mga frame o lens) na may presyong mahigit sa $300, ikaw ang magbabayad para sa labis na halaga. Babayaran namin ang isang pares ng salamin o contact lens pagkatapos ng bawat pag-oopera sa katarata kapag maglalagay ang doktor ng lens sa loob ng mata (intraocular lens). (Kung mayroon kang dalawang magkahiwalay na pag-oopera sa katarata, dapat kumuha ka ng isang pares ng mga salamin pagkatapos ng bawa't pag-oopera. Hindi ka makakakuha ng 2 pares ng salamin matapos ang ikalawang operasyon, kahit na hindi mo nakuha ang isang pares ng salamin matapos ang unang operasyon). Babayaran din namin ang mga pangwastong lens, frame at mga pamalit kung kailangan mo ang mga ito pagkatapos ng pag-aalis ng katarata nang walang lens implant.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip	Pangangalaga sa inpatient at outpatient at mga serbisyong nakabase sa komunidad para sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isipan	$0	Kasama sa mga saklaw na serbisyo ang mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip na kailangan ng pamamalagi sa ospital. Sinasaklaw ng Medicare ang hanggang 90 araw ng medikal na kinakailangang pagpapaospital para sa bawat panahon ng benepisyo at sinasaklaw ng Medi-Cal ang walang limitasyon at mga araw na medikal na kinakailangan. Sinasaklaw rin ng Medicare ang hanggang 60 karagdagang panghabambuhay na nakareserbang araw na magagamit lamang nang isang beses bawat habang-buhay para sa pangangalagang ibinibigay sa alinman sa isang acute care na ospital o ospital na pangsaykayatriko. Sinasaklaw ng Medicare ang hanggang 40 karagdagang araw sa isang ospital na Pangsaykayatriko nang isang beses sa buong buhay mo, at sinasaklaw ng Medi-Cal ang walang limitasyon at mga araw na medikal na kinakailangan. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa paunang pagpapahintulot.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya	Mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya	$0	Babayaran namin ang mga sumusunod na serbisyo, at maaaring ang iba pang mga serbisyong hindi nakalista sa ibaba: • Pag-screen at pagpapayo sa maling paggamit ng alkohol • Paggamot sa pag-abuso sa droga • Panggrupo o indibidwal na pagpapayo ng kuwalipikadong clinician • Subacute na pag-aalis ng pagkasugapa sa programa sa adiksyon na pangresidensyal • Mga serbisyong kaugnay ng paggamit ng alkohol at/o droga sa isang sentro ng masinsinang paggamot para sa outpatient • Paggamot sa pamamagitan ng pinalawig na paglabas ng Naltrexone (vivitrol) Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa paunang pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng matitirhan kung saan may mga taong mahihingan ng tulong	May kakayahang pangangalaga	$0	Sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ang walang limit na bilang ng mga araw para sa pananatili sa Skilled Nursing Facility (SNF). Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
	Pangangalaga sa nursing home	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral. Makipag-ugnayan sa Blue Shield TotalDual Plan para sa mga detalye.
	Pangangalaga sa Ampunan ng nasa Hustong Gulang at Pangangalaga sa Ampunan ng Grupo ng nasa Hustong Gulang	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
Kailangan mo ng therapy pagkatapos ma-stroke o maaksidente	Occupational, physical, o speech therapy	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan para sa referral.
Kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng mga serbisyong pangkalusugan	Mga serbisyo ng ambulansya	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Transportasyon na pang-emergency	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Transportasyon patungo sa mga medikal na appointment at serbisyo	$0	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kondisyon (ipinagpapatuloy sa susunod na pahina)	Mga inireresetang gamot na nasa Medicare Part B	$0	Kabilang sa mga gamot na Part B ang mga gamot na ibinibigay ng iyong doktor sa kanyang opisina, ilang oral cancer drug, at ilang gamot na gamit ang ilang partikular na kagamitang medikal. Basahin ang *Katibayan ng Saklaw* para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gamot na ito. Ipakita sa iyong provider o pharmacist ang pareho mong mga ID card ng Blue Shield TotalDual Plan at Medi-Cal Beneficiary.
	Tier 1: Mas gustong mga Generic na gamot (kasama ang mas gustong mga generic na gamot)	$0	Maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa karagdagang impormasyon. Makukuha ang mga supply na may pinalawig na araw sa nagtitingi sa network at mga lokasyon ng parmasya na serbisyo sa koreo. Ang halaga ng pinaghahatiang gastusin para sa mga pinahabang araw ng supply na ito ay kapareho ng para sa isang buwang supply. Maaari mong kuhanin ang iyong mga gamot sa mga tingiang parmasya sa network at parmasyang nagseserbisyo sa koreo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)	Tier 2: Mga Generic na Gamot (kasama ang mga generic na gamot)	$0, $1.45, o $4.15	Maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa karagdagang impormasyon. Makukuha ang mga supply na may pinalawig na araw sa nagtitingi sa network at mga lokasyon ng parmasya na serbisyo sa koreo. Ang halaga ng pinaghahatiang gastusin para sa mga pinahabang araw ng supply na ito ay kapareho ng para sa isang buwang supply. Hindi lahat ng gamot sa tier na ito ay available para sa pinahabang araw na supply. Mangyaring makipag-ugnayan sa plan para sa higit pang impormasyon. Maaari mong kuhanin ang iyong mga gamot sa mga tingiang parmasya sa network at parmasyang nagseserbisyo sa koreo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)	Tier 3: Mas Gustong Brand ng mga Gamot (kasama ang mas gustong branded at ilang generic na gamot)	$0, $4.30, o $10.35	Maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa karagdagang impormasyon. Makukuha ang mga supply na may pinalawig na araw sa nagtitingi sa network at mga lokasyon ng parmasya na serbisyo sa koreo. Ang halaga ng pinaghahatiang gastusin para sa mga pinahabang araw ng supply na ito ay kapareho ng para sa isang buwang supply. Hindi lahat ng gamot sa tier na ito ay available para sa pinahabang araw na supply. Mangyaring makipag-ugnayan sa plan para sa higit pang impormasyon. Maaari mong kuhanin ang iyong mga gamot sa mga tingiang parmasya sa network at parmasyang nagseserbisyo sa koreo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)	Tier 4: Hindi Gustong mga Gamot (kasama ang hindi gustong branded at ilang generic na gamot)	$0, $4.30, o $10.35	Maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa karagdagang impormasyon. Makukuha ang mga supply na may pinalawig na araw sa nagtitingi sa network at mga lokasyon ng parmasya na serbisyo sa koreo. Ang halaga ng pinaghahatiang gastusin para sa mga pinahabang araw ng supply na ito ay kapareho ng para sa isang buwang supply. Hindi available ang lahat ng gamot sa tier na ito sa pinahabang araw na supply na ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa plan para sa higit pang impormasyon. Maaari mong kuhanin ang iyong mga gamot sa mga tingiang parmasya sa network at parmasyang nagseserbisyo sa koreo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)	Tier 5: Specialty Tier na mga Gamot (Kasama ang napakamahal na branded na mga gamot at mga generic na gamot na maaaring mangailangan ng espesyal na pangangasiwa at/o maingat na pagsusubaybay)	$0, $4.30, o $10.35	Maaaring magkaroon ng mga limitasyon sa mga uri ng saklaw na gamot. Mangyaring sumangguni sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa karagdagang impormasyon. HINDI available ang lahat ng gamot sa tier na ito para sa pinahabang araw na supply. Mangyaring makipag-ugnayan sa plan para sa higit pang impormasyon. Maaari mong kuhanin ang iyong mga gamot sa mga tingiang parmasya sa network at parmasyang nagseserbisyo sa koreo.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng mga gamot para gamutin ang iyong sakit o kundisyon (ipinagpapatuloy)	Mga over-the-counter (OTC) na gamot	$0	May karapatan ka sa tuwing ikatlong buwan na allowance na $200 para sa mga gamot at supply na OTC. Saklaw sa ilalim ng benepisyong ito ang mga item tulad ng aspirin, bitamina, mga partikular na gamot para sa sipon at ubo, at benda. Hindi saklaw sa ilalim ng benepisyong ito ang mga item tulad ng mga kosmetiko at suplementong pagkain. Magagamit online ang catalog ng mga item na OTC at mga tagubilin sa pag-order sa web link ng blueshieldca.com/medicareOTC. Maaari kang mag-order ng mga item sa telepono sa (888) 628-2770 (TTY:711) Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 a.m. at 5 p.m., o online sa web link ng blueshieldca.com/medicareOTC.Ipapadala sa iyo nang walang dagdag na bayad ang mga order mo. Mangyaring maglaan ng humigit-kumulang na 14 na araw ng negosyo para sa paghahatid. Magiging epektibo ang benepisyong ito sa unang araw ng bawat tatlong buwan: (Enero 1, Abril 1, Hulyo 1, at Oktubre 1). Maaari kang mag-order ng dalawa kada tatlong buwan at hindi magagamit sa iyong

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa nasa network na mga provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panutunan tungkol sa mga benepisyo)
